President Arroyo's statement on her declaration of a State of Emergency

Mga Kababayan:

Nagdeklara ako ng State of Emergency dahil sa maliwanag at kasalukuyang banta sa Republika na ating napag-alaman at napigil.

May ilang sumubok lumihis sa armed forces chain of command, lumabag sa gobyernong sibil, at magtatag ng rehimen sa labas ng Saligang Batas.

Nabuwag natin ang pakanang ito. Kasama sa pagkilos natin ang pagdakip ng mga militar at sibilyang magkakasabwat. At hindi rin palalampasin ang mg nagbibigay ng salapi at suportang pulitika sa pag-aalsa.

Napigil na ng pamahalaan itong iligal na pagkilos. Maliban sa ilang tumiwalag, nasa puwesto at matapat sa linya ng pamunuan ang lahat ng opisyal na militar hangang sa mga batalyon. Bilang Commander-in-Chief, kontrolado ko ang sitwasyon.

Katatapos ko lamang pulungin ang aking Gabinete na nagkakaisa at buo ang loob na ipagpatuloy ang serbisyo publiko sa kabila ng kalagayan ng seguridad. Nananawagan ako sa lahat ng ating mga pamahalaang lokal na patuloy ring maglingkod. Hindi dapat malagay sa alanganin ang kaligtasan at kabuhayan ng tao.

Samantala, ipinapaubaya ko sa pinuno ng AFP at hepe ng PNP ang mga nararapat na pagkilos. Mag-uulat sila sa media hinggil sa mga darating na pangyayari.

Mag-uulat naman ang Secretary ng Foreign Affairs sa mga embahador.

Ito ang babala ko sa mga nagbabalak laban sa bayan: Babagsak sa inyong pagtataksil ang buong bigat ng batas. Ipinapahamak ninyo ang mahihirap sa inyong paghatak ng bansa palayo sa ating nararapat na antas sa daigdig bilang kuta ng pagkakaisa, pagsasakripisyo, pagmamalasakit at kahusayan sa mundo. Kinakalas din ninyo ang ekonomiya sa kaniyang mga tumatatag na saligan.

Sa lahat nating mga kababayan, hinihiling ko sa inyo na manatiling mahinahon. Nananawagan ako sa media na iulat ang mga pangyayari sang-ayon sa tungkulin sa bayan, at huwag palampasin ang mga nakasasamang alingasngas at maling balita.

Salamat sa inyong pananalig sa bayan at sa ating magandang hinaharap.

Pagpalain nawa ng Diyos ang sambayanang Pilipino.